# *Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 13*

***"8 Gayon din naman ang mga diakono dapat ay mahuhusay, hindi dalawang dila, hindi mahilig sa maraming alak, hindi mga sakim sa mahahalay na kapakinabangan; 9 Na iniingatan ang hiwaga ng pananampalataya ng malinis na budhi. 10 At ang mga ito rin naman ay subukin muna; kung magkagayo'y mamahalang may pagka diakono, kung walang kapintasan. 11 Gayon din naman ang mga babae dapat ay mahuhusay, hindi palabintangin, mapagpigil, tapat sa lahat ng mga bagay. 12 Maging asawa ang mga diakono ng tigiisa lamang na babae, na pamahalaang mabuti ang kanilang mga anak at ang kanilang sariling mga sangbahayan. 13 Sapagka't ang nangamamahalang mabuti sa pagka diakono, ay nangagtatamo sa kanilang sarili ng isang mabuting kalagayan, at malaking katapangan sa pananampalataya na kay Cristo Jesus. 14 Ang mga bagay na ito ay aking isinusulat sa iyo, na inaasahang makararating sa iyong madali; 15 Nguni't kung ako'y magluwat ng mahabang panahon, ay upang maalaman mo kung paano ang dapat sa mga tao na ugaliin nila sa bahay ng Dios, na siyang iglesia ng Dios na buhay, at haligi at suhay ng katotohanan. 16 At walang pagtatalo, dakila ang hiwaga ng kabanalan; Yaong nahayag sa laman, Pinapaging-banal sa espiritu, Nakita ng mga anghel, Ipinangaral sa mga bansa, Sinampalatayanan sa sanglibutan, Tinanggap sa itaas sa kaluwalhatian." (1 Timoteo 3:8-16 KJV)***

Sa paggawa ng tamang desisyon ang ibang pamantayan na kailangan ng simbahan upang palawakin ang pamantayan ng matatanda na tutulong sa gawaing pangangasia sa simbahan ng Dios at mga ministeryo. Ang mga diakono ay tutulong upang masubaybayan ang trabaho, at pagkakatiwalaan ng mga tiyak na administratibo, logistics, pamamahagi at serbisyo ng kawanggawa, at para sa mga ganitong gawain kinakailangan silang mapili ayon sa mga tiyak na makadios na pamantayan na hindi bababa sa mga obispo dahil ang kanilang mga saloobin at pag-uugali ay mahalaga para sa kapakanan ng mga kongregasyon at mga ministeryo ng Dios, at ang kanilang reputasyon ay mahalaga para sa mga tao sa labas, at ang kanilang mga magandang halimbawa ay mga mabuting huwaran para sa iba upang makagawa ng tamang desisyon at tamang pagpili.

Kaya at sa parehong paraan: ***"8 Gayon din naman ang mga diakono dapat ay mahuhusay, hindi dalawang dila, hindi mahilig sa maraming alak, hindi mga sakim sa mahahalay na kapakinabangan;" (1 Timoteo 3:8 KJV)***

***1. "ang mga diakono dapat ay mahuhusay":*** Ito ay nangangahulugang maging tapat, seryoso at may layunin sa kanilang mga gawain. Mahalaga ito dahil ang diakono ay mayroong mahalagang opisina at ministeryo sa simbahan.

***2. "hindi dalawang dila":*** Ibig sabihin nito, kung ano ang kanyang sasabihin ay siya ring gagawin. Ibig din sabihin nito na hindi siya magbabago ng kanyang sinabi upang mapasaya ang kanyang tagapakinig; halimbawa, siya ay magsasalita ng iba't ibang bagay sa iba't ibang partido tungkol sa parehong isyu.

***3. "hindi mahilig sa maraming alak":*** Bakit hindi dapat uminom ng alak? Dahil ang alak ay nakasasama sa kalusugan, nagpapasama sa isipan, at ang tao ay hindi makakagawa ng tamang desisyon, na nagiging dahilan upang hindi siya karapat-dapat sa gayong posisyon, pati na rin ang pagsasayang ng salapi at mga materyales ng simbahan at nagdudulot ng kahirapan. ***"17 Ang umiibig ng kalayawan ay magiging dukha: ang umiibig sa alak at langis ay hindi yayaman." (Kawikaan 21:17 KJV)*** Ang pag inom ng alak ay nakakagawa sa isang tao na gumawa ng maling pagpapasya at maling mga hakbang, ang pag inom ng alak ay kamundugan at pakikipagkaibigan sa sanglibutan at iyon ay kaaway ng Dios.

***4. "Hindi mga sakim sa mahahalay na kapakinabangan":*** Ang mga naglilingkod sa Dios ay hindi maaring maglingkod sa salapi o maging maibigin sa salapi,: ***"Sinoma'y hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon: sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa: o kaya'y magtatapat siya sa isa, at pawawalang halaga ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga kayamanan." (Mateo 6:24 KJV) "Walang aliping makapaglilingkod sa dalawang panginoon: sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa; o di kaya'y magtatapat sa isa, at pawawalang halaga ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga kayamanan." (Lucas 16:13 KJV)***
***"9 Na iniingatan ang hiwaga ng pananampalataya ng malinis na budhi." (1 Timoteo 3:9 KJV)***
***5. "Na iniingatan ang hiwaga ng pananampalataya ng malinis na budhi."":*** Ang turo ng Evangelio, ay tinatawag na ***"ang pananampalataya"***, at ito'y nagmumula sa paniniwala kay Cristo; walang Cristo ay walang pananampalataya, Ito ay tinatawag na ***"ang ministeryo"***, dahil ito ay ng banal na paghahayag na hindi kailanman

matutuklasan ng makatawid na katuwiran; ngunit ngayon ito ay nahahayag ng Dios. Ang misteryo ng pananampalataya o ang misteryo ng evagelio ay naglalaman ng ilang mga misteryosong doktrina, tulad ng doktrina ng Trinidad; ang pagkakatawang-tao ng Anak ng Dios, ang ating pagkakaisa kay Cristo, at ang ating pakikipagkaisa sa Kanya, ang muling pagkabuhay ng mga patay, at iba pa. * Ngayon, ang mahiwagang doktrina ng pananampalataya ay dapat panghawakan ng mga diakono; sila ay dapat magpahayag nito, at panatilihin ang propesyong iyon "sa isang dalisay na konsensiya" na tinubos ng dugo ni Cristo, na may mabuting konsensiya sa Dios; wala nang kasalanan, na may walang kapintasan na buhay, na may mga katangian at asal ni Cristo upang sila ay maging karapat-dapat at makapagbigay ng turo sa iba lalo na sa mga mahina sa pananampalataya, at mapabulaanan ang mga nasa pagkakamali. * Ngunit kung ang kanilang mga prinsipyo at gawi ay masama, ang kanilang impluwensya sa iba ay magiging napakalala at nakamamatay; iyon ang dahilan kung bakit ang mga diakono ay hindi dapat maging mapaghimagsik at mahilig sa materyal na bagay o mahilig sa pera.

***"10 At ang mga ito rin naman ay subukin muna; kung magkagayo'y mamahalang may pagka diakono, kung walang kapintasan. (1 Timoteo 3:10 KJV)*** Kailangan munang patunayan at suriin ang mga diakono kung sila ay may lahat ng mga katangiang ito, bago sila payagang maglingkod at maupo sa tungkulin at paglingkuran ang Dios kung sila ay walang kapintasan at walang mali sa kanila. Kung hindi, hindi sila dapat bigyan ng tungkulin para sa serbisyo. Bakit? Dahil una, sila ay magkakamali, at pangalawa, mas magiging mahirap na alisin sila mula sa tungkulin.

***6. "11 Gayon din naman ang mga babae dapat ay mahuhusay, hindi palabintangin, mapagpigil, tapat sa lahat ng mga bagay." (1 Timoteo 3:11 KJV)*** Gayundin ang kani-kanilang mga asawa at kailangang masiyasat. Kinakailangan nilang maging:

***A. "mahuhusay:*** Ibig sabihin nito ay maging tapat at seryoso; kailangan nilang lubos na maunawaan ang kahalagahan ng katungkulan ng mga diakono na hawak ng kanilang mga asawa at kung gaano kahalaga ang kanilang disiplina bilang mga asawa dahil ang diakono ay may hawak na mahalagang posisyon sa pamamahala at ministeryo sa simbahan. Kailangan maging mabuting katiwala ang kani-kanilang mga asawa sa mga yaman sa bahay, sumusunod sa Salita ng Dios at maging magandang halimbawa sa iba sa pagiging masunurin sa kanilang mga asawa, upang hindi malapastangan ang Salita ng Dios. ***"4 Upang kanilang maturuan ang mga babaing may kabataan na magsiibig sa kanikaniyang asawa, magsiibig sa kanilang mga anak, mangagpakahinahon.5 Mangagpakahinahon, mangagpakalinis, mangagpakasipag sa bahay, magagandang-loob, pasakop sa kanikaniyang asawa, upang huwag lapastanganin ang salita ng Dios:" (Tito 2:4-5 KJV)***

***B. "hindi palabintangin":*** Hindi sila dapat magsalita at magpakalat ng mga balita, kisinungalingan, at mga kuwento laban sa iba, at dapat nilang malaman kung paano pigilan at panatilihin ang kanilang mga dila at huwag ilantad ang mahahalagang impormasyon at lihim ng iba na hindi nila dapat sabihin.

***C. "mapagpigil":*** Ibig sabihin nito ay maging malinaw ang isip, batid at may katamtamang asal, at kamalayan kung paano pamahalaan ang mga kritikal na sitwasyon na may pasensya at pagtitiyaga sa mga panalangin at paghihintay sa Dios upang lutasin ang mga isyu at buksan ang mga pintuan para sa kaluwagan. Kailangan nilang tiisin ang bigat ng ministeryo kasama ang kani-kanilang mga asawa at dapat silang magbigay ng kaaliwan at patuloy na hikbiin sila na magpatuloy.

***D." tapat sa lahat ng mga bagay.":*** Kailangan nilang maging tapat sa Dios, tapat sa kanilang mga pamilya, tapat sa kani-kanilang mga asawa, tapat sa panalangin at tapat sa simbahan at sa ministeryo na ipinagkatiwala sa kanilang mga asawa.

***"12 Maging asawa ang mga diakono ng tigiisa lamang na babae, na pamahalaang mabuti ang kanilang mga anak at ang kanilang sariling mga sangbahayan." (1 Timoteo 3:12 KJV)***

***7. "Maging asawa ang mga diakono ng tigiisa lamang na babae":*** Ang mga diakono ay dapat magkaroon ng isang asawa lamang. Walang paraan para sa poligamiya at walang paraan para sa diborsyo at muling pag-aasawa. Ang mga nagnanais na sumunod sa Dios ay dapat maging magandang halimbawa sa iba sa usaping ito. Ang mundo ay puno ng poligamiya, diborsyo at muling pag-aasawa, kaya't ang mga naglilingkod sa Dios ay dapat maging malinis mula sa kasalanang ito upang makapagbigay ng gabay sa iba palabas dito.

***8. “na pamahalaang mabuti ang kanilang mga anak at ang kanilang sariling mga sangbahayan.”:*** Dapat malaman ng mga diakono kung paano pamahalaan ang kanilang mga pamilya at dalhin sila sa buhay na masunurin sa takot sa Panginoon. Dapat nilang pamahalaan nang maayos ang kanilang mga tahanan sa pinansyal at mahusay na paraan ayon sa buong kalooban ng Dios at alinsunod sa magandang plano na nilaan ng Dios para sa kanila. Maging sa kanilang mga anak, dapat nilang gabayan ang bawat isa sa plano ng Dios na itinakda ng Panginoon para sa kanila.

***“13 Sapagka't ang nangamamahalang mabuti sa pagka diakono, ay nangagtatamo sa kanilang sarili ng isang mabuting kalagayan, at malaking katapangan sa pananampalataya na kay Cristo Jesus.” (1 Timoteo 3:13 KJV)*** Bakit kinakailangan ang lahat ng mga nabanggit na pamantayan sa buhay ng mga nagnanais maging diakono upang makatulong sa pamamahala ng simbahan at mga ministeryo ng Panginoon?

***A. Sapagka't ang nangamamahalang mabuti sa pagka diakono ay nangagtatamo sa kanilang sarili ng isang mabuting kalagayan,”:*** Sila ay may nangamamahala, kaya't nangangahulugan ito na kailangan nilang mamahala para sa mahusay na antas at mahusay na opisina na nais nilang paglingkuran si Cristo. Dahil sila ay nararapat na maging mabuting halimbawa sa iba, kailangan nilang mamahala ng mabuting sakripisyo at mamuhay sa disiplina at kabanalan upang maging mabuting halimbawa sa iba.

***B. “At malaking katapangan sa pananampalataya na kay Cristo Jesus.”:*** Ang katapangan sa pananampalataya ay nangangahulugang kailangan nilang sumunod at maging magandang halimbawa sa iba, at hindi makipagkompromiso, upang maipasa nila ang pananampalataya at magturo sa iba at disiplinahin sila gamit ang Salita ng Dios.

***“14 Ang mga bagay na ito ay aking isinusulat sa iyo, na inaasahang makararating sa iyong madali;*** Sinabi ni Pablo kay Timoteo na siya ay makakarating sa kanya sa loob ng maikling panahon. Ngunit isinulat ni Pablo ang mga bagay na iyon kay Timoteo upang maunawaan niya ang mga katotohanan at ang mga gawa na kailangan niyang makamit dahil maaring magkaantala si Pablo sa pagdating, ***“15 Nguni't kung ako'y magluwat ng mahabang panahon, ay upang maalaman mo kung paano ang dapat sa mga tao na ugaliin nila sa bahay ng Dios, na siyang iglesia ng Dios na buhay, at haligi at suhay ng katotohanan.” (1 Timoteo 3:14-15 KJV)*** Sa ganitong mga pagkakataon, handa at nakahanda si Timothy na pamahalaan kung paano dapat kumilos ang mga tao sa bahay ng Dios, na siyang simbahan ng Dios, ang haligi at saligan ng katotohanan. Muli, ang mga tao na may posisyon upang mamuno ay kinakailangang maging lubos na disiplinado at magandang halimbawa sa iba.
***“16 At walang pagtatalo, dakila ang hiwaga ng kabanalan; Yaong nahayag sa laman, Pinapaging-banal sa espiritu, Nakita ng mga anghel, Ipinangaral sa mga bansa, Sinampalatayanan sa sanglibutan, Tinanggap sa itaas sa kaluwalhatian.” (1 Timoteo 3:16 KJV)***

***“Dakila ang hiwaga ng kabanalan”:*** Ang Dios ay bumaba mula sa langit, mismong nagpakumbaba, nagkatawang-tao at naging tao, ipinanganak mula sa birhen, si Jesucristo, ang ating Panginoon, nabuhay bilang tao ngunit hindi Siya nagkasala, pinatay dahil sa ating mga kasalanan, inilibing, binuhay na maguli mula sa kamatayan sa ikatlong araw ng Banal na Espiritu, binuhay na maguli mula sa kamatayan dahil siya'y walang kasalanan, inaring-ganap ng Banal na Espiritu na bumuhay sa Kanya, nakita ng mga anghel, umakyat sa Langit, ipinadala Niya ang Banal na Espiritu na tumutulong sa kanyang simbahan, na nagbabautismo sa atin sa Banal na Espiritu, upang ipangaral ang evangelio sa mga Gentil at sa lahat ng mga makasalanan, ***“sinampalatayahan ang sanglibutan”***, sa pamamagitan ng gawain ni Jesus sa krus.
Ano ang ibig sabihin ng ***“Nakita ng mga anghel”***, na si Cristo ay nakita ng mga anghel sa mga sumusunod na pagkakataon:

1. Sa Kanyang kapanganakan, nang ang mga anghel ay bumaba at umawit ng mga papuri sa Dios tungkol dito.

2. Sa disyerto, matapos siyang matukso ni Satanas, nang ang mga anghel ay naglingkod sa kanya.
3. Sa hardin ng Getsemani sa kanyang pagdurusa at pawis doon, nang isang anghel ang lumitaw at nagpakatatag sa Kanya.
4. Sa kanyang muling pagkabuhay mula sa mga patay, isang anghel ang gumulong ng bato mula sa libingan, at sinabi sa mga babae na siya ay muling nabuhay mula sa mga patay.
5. Sa kanyang pag-akyat sa Langit, nang ang mga anghel ay nag-alaga sa Kanya sa tagumpay;
6. At ngayon sa Langit, kung saan ang mga anghel ay nag-aantay sa Kanya, at sumasamba sa Kanya.

Ang mga anghel ay mga espiritu na naglilingkod, na ipinaaabot Niya upang gawin ang Kanyang kalooban at upang pagsilbihan ang mga naligtas.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Sa lahat ng ganitong paglalarawan sa katungkulan ng diakono, kung gaano pa tayo bilang mga lingkod ni Cristo ang kailangang sundin ang halimbawa ni Cristo, at mamuhay bilang magandang saksi para kay Cristo at gawin ang tama, upang makilala ng mga tao si Cristo sa pamamagitan ng ating mga buhay. Maging magandang halimbawa sa iba, sa gayo'y makatutulong ka sa kanila na gumawa ng tamang desisyon upang sundin ang Dios at gawin ang Kanyang kalooban.

Lumapit ngayon sa Panginoon, ibigay ang iyong buhay sa Kanya at maging handa na magsisi sa iyong mga kasalanan at makipagtulungan kay Cristo upang mahanap ang mga pamantayang kulang sa iyong buhay, upang maging magandang halimbawa sa iba at matulungan silang makagawa ng tamang desisyon sa kanilang buhay. Lumapit sa Panginoon upang magamit ka Niya sa paglilingkod sa Kanya at upang tulungan ang iba na sundin Siya at gumawa ng tamang desisyon sa buhay.

Manalangin tayo….. .

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga patay upang bigyan ako n buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyo para sa pagtuturo at sa pagpapayo na Aking natanggap mula sa mensaheng ito. Panginoon salamat sa iyo para sa pagpapaliwanag sa akin ng iyong mga landas at kung paano mo nais na maging at ang mga katangian na kailangan makita upang makapaglingkod ako sa iyoat maglingkod sa iyong bayan sa iyong simbahan sa mas maayos na paraan.*
*Ipagtapat ngayon ang iyong mga kasalanan ay talikdan ang mga ito. Ipagtapat ang iyong masamang pag uugali, pagiging magagalitin, walang pagpapahinuhod, at madaling makipag away sa iba. Ipagtapat at talikdan ang iyong pakikipagkompromiso, pagpapapuri, pagsisinungaling, ay pagkakaroon ng dalawang pamantayan. Ipagtapat at talikdan ang iyong imoralidad. Ipagtapat at talikdan ang iyong kamunduhan, ang iyong kasakiman at ang iyong pagibig sa salapi. Ipagtapat at talikdan ang hindi pagdidisiplina sa iyong mga anak at pagsasaayos ng iyong sangbahayan. Talikuran ang iyong masamang bisyo ng paninigarilyo at pag-inom. Talikuran ang iyong masamang pamamahala, ang iyong katamaran, at ang pagsasayang ng iyong mga yaman sa maling paraan. Talikuran ang iyong pag-aalinlangan na maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon, patawarin Mo ako, ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na kasalanan ___________________________________.*
*Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili sa mga aral na natanggap ko mula sa Iyong Salita. Panginoon, handa akong ituwid ang mga sumusunod na masamang pag-uugali sa akin __________________________________. Panginoon, Gagawin kong posible na disiplinahin ang aking mga anak at ayusin ang aking sambahayan. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na maging magandang halimbawa upang makita ng iba at nais nilang sumunod kay Cristo. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na makabuo ng higit pang bunga ng Banal na Espiritu: pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, kahinhinan, kabaitan, pasensya, pananampalataya, pagtitiis, mahabang pagtitiis at pagsasanay sa sarili, upang makita ng mga tao si Kristo sa akin. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na magpatuloy at maglingkod sa Iyo upang makamit ang magandang plano at ministeryo na ipinagkatiwala Mo sa akin. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili sa aral laban sa diborsyo at muling pag-aasawa. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na maging masigasig sa paglilingkod sa Iyo at upang ilapat ang Iyong Salita sa aking buhay at ministeryo.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagbago at nagbalik sa iyo na nangako sa aral na natanggap namin ngayon sa mensaheng ito. Panginoon, alalayan mo sila ng iyong biyaya at awa, ibigay mo ang kanilang mga pangangailangan, protektahan mo sila, gamitin mo sila upang maglingkod sa iyo at akayin mo sila sa ministeryo na tinawag mo silang gawin para sa iyo.*

*Panginoon, kami ay nananalangin bilang isang simbahan na pagpalain kami sa pagpapalaki ng mga bagong manggagawa na handang ipatupad ang Iyong Salita sa mensaheng ito sa kanilang mga buhay. Panginoon, bigyan mo kami ng karunungan at pag-unawa upang magpatuloy sa paggawa ng Iyong gawain at kalooban. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng Espiritu Santo at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob na kailangan namin upang pumunta at mangaral, gumawa ng mga bagong alagad, sanayin ang mga bagong manggagawa, at magtanim ng mga bagong pag-aaral sa Bibliya at mga kongregasyon para sa simbahan. Panginoon pagpalain at tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng*

*Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Dios
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Dios, United Arab Emirates.

Sa karagdagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa:www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.
Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.
Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasampung bahagi, ng iyong unang bunga at iba'tibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pananalapi, malaya kayo makipag-ugnayan sa akin sa whatsapp na numero: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com